# ANG LAYUNIN NG PAGLIKHA (BAHAGI 1 NG 3): ISANG PANIMULA

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Isang pagpapakilala sa palaisipang tanong sa kasaysayan ng tao, at isang talakayan tungkol sa mga mapagkukunan na maaaring magamit upang mahanap ang sagot. Bahagi 1: Ang pinagmulan para sa kasagutan.

**Kategorya:** Mga Artikulo Mga Paniniwala ng Islam Ang Layunin ng Buhay

**Ni:** Dr. Bilal Philips
**Nailathala noong:** 24 Aug 2020
**Huling binago noong:** 16 Jul 2023

## Pambungad



Ang layunin ng paglikha ay isang paksa na palaisipan sa bawat tao sa ilang punto sa kaniyang buhay. Bawat tao sa ilang punto ay nagtatanong sa kanilang sarili "Bakit ako naparito?"o "Para sa anong layunin ako naririto sa mundo?"

Ang pagkakaiba at pagiging kumplikado ng mga nakakalitong sistema na siyang bumubuo ng kaisipan ng tao pati na din sa mundo kung saan sila naroroon at nagpapahiwatig na mayroong isang kataas-taasang Tagapaglikha sa kanilang lahat. Ang disenyo ay nagpapahiwatig ng isang taga-disenyo. Kapag ang mga tao ay nakatagpo ng mga yapak sa isang baybayin, ay agad nilang napagtatanto na may nakapaglakad nang nauna rito. Walang nag-iisip na ang mga alon mula sa dagat ay naglalagi sa buhangin at sa pagkakataong ang hidiin ay nakagawa ng isang eksaktong katulad ng mga yapak ng tao. Ni hindi din sinasadya ng mga tao na isipin na sila ay naririto sa mundong ito nang walang layunin. Yamang ang makatuwirang pagkilos ay isang likas na produkto ng katalinuhan ng tao, napagtatanto ng mga tao na ang Kataas-taasang Matalinong Paglikha sa kanila ay ginawa para sa isang tiyak na layunin. Kaya naman, kailangan ng mga taong malaman ang layunin kung bakit sila naririto upang magkaroon ng kahulugan sa buhay na ito at gawin kung ano ang kapaki-pakinabang sa kanila.

Sa buong panahaon, gayunpaman, itinanggi ng ilan sa mga tao na mayroong Diyos. Ang mahalaga, sa kanilang opinyon, ay walang hanggan at ang sangkatauhan ay isang produkto ng mga hindi sinasadyang pinaghalong mga elemento nito. Dahil dito, para sa kanila, ang katanungan ay “Bakit nilikha ng Diyos ang sangkatauhan?” nagkaroon ngunit wala pa ring sagot. Ayon sa kanila, sadyang walang layunin ang pag-iral. Gayunpaman, ang karamihan ng mga tao sa nagdaang panahon ay naniniwala at

patuloy na naniniwala sa pagkakaroon ng isang Kataas-taasang Tagapaglikha na lumikha ng mundong ito na may isang layunin. Para sa kanila ito ay, at ito pa rin, mahalagang malaman ang tungkol sa Tagapaglikha at ang layunin ng Tagapaglikha sa paglikha sa sangkatauhan.

## Ang Kasagutan

Upang sagutin ang tanong na “Bakit nilikha ng Diyos ang tao?” dapat muna itong matukoy mula sa kung kaninong pananaw ang tinatanong. Mula sa pananaw ng Diyos ay nangangahulugan itong “Ano ang dahilan kung bakit nilikha ng Diyos ang mga tao?” h abang mula sa pananaw ng tao ay nangangahulugan itong “Sa anong layunin nilikha ng Diyos ang mga tao?” Parehong may punto ang kanilang mga pananaw na kumakatawan sa aspeto ng nakakaintrigang katanungan na “Bakit ako naririto?”...ang parehong aspeto ng katanungan ay sisiyasatin batay sa malinaw na larawan na ipininta ng banal na paghahayag.Hindi ito isang paksa para sa haka-haka ng tao, dahil ang mga hula ng tao ay hindi posibleng bumuo ng buong katotohanan ukol sa usaping ito. Paano mabubuo ng katalinuhan ng tao ang katotohanan ng kanilang pag-iral kung nahihirapan sila mismong intindihin ang kanilang sariling utak o ang mas nakakataas dito, ang isipan, paano ito gumagana? Dahil dito, maraming mga pilosopo na nag-isip tungkol sa tanong na ito sa mga nakalipas na panahon ay nakabuo ng hindi mabilang na kasagutan, lahat ng ito ay batay sa kanilang palagay na hindi mapatunayan. Ang mga tanong tungkol sa paksang ito ay humantong pa sa maraming pilosopo na nagpahayag na hindi talaga tayo naririto at ang buong mundo ay haka-haka lamang. Halimbawa, ang pilosopo na si Plato (428-348 BC) ay nakipagtalo na ang pang-araw-araw sa mundo ng paiba-ibang bagay ay hindi ang pangunahing katotohanan kundi isang anino ng mga anyo ng mundo. Marami pang iba, kagaya ng nabanggit kanina, marami ang nagsabi at patuloy na nagsasabi na walang layunin ang pagkakalikha ng mga tao. Ayon sa kanila, ang pag-iral ng mga tao ay gawa ng pagkakataon lamang. Hindi maaaring magkaroon ng layunin kung ang buhay ay nagbago mula sa walang buhay na bagay sa purong pagkakataon lamang. Kung ang mga unggoy at gorilya na inaakalang 'pinsan' ng mga tao ay hindi nababahala sa mga katanungan ng pag-iral, kaya bakit mababahala ang mga tao sa mga ito?

Bagaman ipinagsasawalang bahala ng mga tao ang katanungan pagkatapos ng paminsang-minsang pagmumuni-muni, napakahalaga para sa mga tao na malaman ang kasagutan. Kung walang kaalaman sa tamang sagot, hindi makikilala ang kaibahan ng mga tao mula sa mga hayop sa paligid nito. Ang pangangailangan ng mga hayop at kagustuhang kumain, uminom at magparami ang agad ang nagiging layunin ng pag-iral ng sangkatauhan, at ang pagsisikap ng tao ay nakatuon sa limitadong mundo. Kapag ang mga materyal na kasiyahan ay nabubuo na siyang pinakamahalagang layunin sa buhay, ang pag-iral ng tao ay nagiging mas mababa kaysa sa pinakamababang hayop. Ang mga tao ay patuloy na gagamitin sa maling paraan ang talinong binigay sa kanila ng Diyos kung kulang sila sa kaalaman tungkol sa kanilang layunin sa ating pag-iral. Ang mababang kaalaman ng mga tao ay gagamitin nila upang gumawa ng mga droga at bomba at maging ang pakikiapid, pornograpiya, homoseksuwalidad, kapalaran, pagpapakamatay, atbp. Kung walang kaalaman sa layunin ng buhay,ang pag-iral ng tao ay nawawalan ng kahulugan at dahil dito ay nasasayang, at ang gantimpala ng isang walang hanggang buhay ng kaligayahan sa hinaharap ay ganap na nasisira.Samakatuwid, nararapat na sagutin ng

mga tao ang pinakamahalagang tanong na "Bakit tayo naririto?"

Ang mga tao ay madalas na bumabaling sa ibang mga tao na tulad nila para sa mga sagot. Gayunpaman, ang tanging lugar na malinaw at tumpak na mga sagot sa mga katanungang ito ay matatagpuan sa mga libro ng banal na paghahayag. Kinakailangan na ipahayag ng Diyos ang layunin sa tao sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta, dahil ang mga tao ay hindi magagawang makagawa ng tamang sagot sa pamamagitan ng kanilang sarili.Lahat ng mga propeta ng Diyos ay nagturo sa kanilang mga tagasunod ng mga sagot sa tanong na "Bakit nilikha ng Diyos ang tao?"

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.islamreligion.com/tl/articles/194/ang-layunin-ng-paglikha-bahagi-1-ng-3

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2023 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.